
# HANDBOOK

# Mga Karapatan para sa mga Taong nasa mga Pasilidad para sa Kalusugang Pangkaisipan

Na Pinasok Alinsunod sa Lanterman-Petris-Short Act



California Department of Health Care Services

# Ang Inyong Mga Karapatan bilang isang Pasyente

**Kung kayo ay may mga katanungan o kung nais ninyong magreklamo tungkol sa isang malamang na paglabag ng inyong mga karapatan, mangyaring tawagan ang advocacy office [tanggapan para sa pagtataguyod] na nakalista sa likod nitong handbook.**

Ang batas na nauukol sa mga karapatan ng mga pasyente ay binubuo ng masalimuot at nagbabagong sistema ng mga batas, mga patakaran, at mga hatol ng hukuman. Dapat ituring itong handbook bilang isang gabay, pero maaaring hindi nito inilalarawan nang wasto ang lahat ng karapatan ng mga tao sa lahat ng panahon.

Ang namamahala sa pasilidad na kung saan kayo ginagamot ang may responsibilidad na tiyaking protektado ang lahat ng inyong karapatan na nasa handbook na ito. Kailangang ipabatid sa inyo ang inyong mga karapatan sa wika at paraan na naiintindikan ninyo:

- Sa panahon ng pagpasok sa pasilidad
- Kapag nagbago ang inyong kalagayang ayon sa batas
- Kapag nilipat kayo sa ibang unit o pasilidad
- Hindi kukulangin sa minsan sa isang taon

Mangyaring kontakin ang inyong tagapagtaguyod ng inyong mga karapatan bilang pasyente kung sa palagay ninyo ay pinagkait sa inyo o nilabag ang inyong mga karapatan, o kung mayroon kayong mga tanong na maaaring hindi partikular na tinalakay sa hanbook na ito.

# Talaan ng mga Nilalaman

*Pahina*

Ang Inyong Mga Karapatan bilang isang Pasyente ....2
Pambungad ....5
Paggamit ng Tagataguyod para sa mga Karapatan ng mga Pasyente ....6
Ano ang Kailangan Ninyong Gawin Kung may Reklamo Kayo ....7
Mga Karapatan sa Panahon ng Inyong Pagkakapigil Nang Laban sa Inyong Kalooban ....8
Hindi Pagsisiwalat ng Impormasyon ....13
Paggamot na Pangmedikal ....13
Karapatang Tanggihan ang Paggamot ....14
Mga Gamot at ang Proseso ng Pinabatirang Kapahintulutan ....16
Pagdinig na Ukol sa Kakayahang Tanggihan ang Gamot ....18
Mga Karapatan na Hindi Puwedeng Ipagkait ....19
- Ang Karapatan sa Makataong Pag-alaga ....19
- Ang Karapatan na Maging Ligtas sa Masamang Pagtrato o sa Pagpapabaya ....20
- Ang Karapatan sa Pakikipagkapwa at Paglilibang ....20
- Ang Karapatan sa Edukasyon ....21
- Ang Karapatan na Manampalataya sa Piniling Relihiyon ....21
- Ang Karapatan na Maging Ligtas sa Diskriminasyon ....22

Mga Karapatan na Maaaring Ipagkait Batay sa Mabuting Dahilan ....23
- Mga Pananamit ....23
- Pera ....23
- Mga Bisita ....23
- Paglalagyan ng mga Pansariling Ari-arian ....24

*Pahina*
Mga Pansariling Ari-arian ........................................................ 24
Telepono ........................................................................ 24
Mga Sulat ....................................................................... 25
Mga Gamit Pansulat ............................................................ 25
Mabuting Dahilan ................................................................ 26
Mga Kahulugan .................................................................. 27

# Pambungad

Kung kayo ay tumatanggap ng mga serbisyong para sa kalusugang pangkaisipan, nang kusang-loob o nang laban sa inyong kalooban, sa isa sa mga pasilidad na nakalista sa ibaba, mayroon kayong mga karapatan na nakasulat sa handbook na ito. Maaaring magkaiba-iba ang inyong mga karapatan depende sa inyong katayuang ayon sa batas o sa klase ng pasilidad na inyong kinaroroonan. *Ang inyong mga karapatan ay **hindi** puwedeng ipaubaya ng inyong magulang, guardian, o conservator.*

Ospital ng Estado
Ospital para sa Acute Psychiatric
Psychiatric Unit ng isang Ospital para sa General Acute Care
Skilled Nursing na Pasilidad/Programa para sa Espesyal na Paggamot
Lisesiyadong Group Home
Adult Residential na Pasilidad
Pasilidad para sa mga Rehabilitasyong Pakikipagkapwa
Lisensiyadong Family Home
Adult Day Care na Pasilidad
Psychiatric Health na Pasilidad
Mental Health Rehabilitation Center
Community Treatment na Pasilidad
Pasilidad na Nagbibigay ng 23 Oras na Paggamot

Hindi kayo maaaring takutin o hilingin sa inyo na talikuran ninyo ang inyong mga karapatan bilang kondisyon para sa pagpasok o tumanggap ng paggamot; gayon pa man, puwede ninyong piliing hindi gamitin ang isang particular na karapatan.

# Paggamit ng Tagataguyod para sa mga Karapatan ng mga Pasyente

Kayo ay may karapatang makipagkita sa isang tagataguyod para sa mga karapatan ng pasyente na walang responsibilidad na klinikal o pampangasiwaan, para sa inyong kalusugang pangkaisipan na paggamot, at makatanggap ng kanyang mga serbisyo. Nasa likod na pabalat nitong handbook ang pangalan at numero ng telepono ng inyong tagataguyod.

May karapatan kayong kontakin sa anumang oras ang tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente. Tutulungan kayo ng pasilidad na kinaroroonan ninyo para tiyaking ginagamit ninyo ang karapatang ito. Kayo ay may karapatang makausap at bisitahin nang sarilinan ng inyong tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente o ng abogado.

# Ano ang Kailangan Ninyong Gawin Kung may Reklamo Kayo

Kayo ay may karapatang magreklamo tungkol sa mga kalagayan ng inyong tinitirahan, tungkol sa anumang pananakit sa inyong katawan o pag-abusong pasalita, anumang pagbabanta o kalupitan, o tungkol sa pagtrato sa inyo sa pasilidad, na hindi kayo parurusahan dahil may mga nirereklamo kayo.

Tungkulin ng tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente na imbestigahan at sikaping lutasin ang mga reklamo hinggil sa inyong mga karapatan. Kung hindi kayo matutulungan ng tagataguyod sa inyong ikinababahala, ipapadala ang inyong reklamo, na may pahintulot ninyo, sa ibang ahensiya na makakatulong sa inyo.

Kung hindi kayo nasisiyahan sa pagtugon ng tagataguyod sa inyong reklamo, maaari ninyong hilingin na ipadala ang reklamo sa direktor ng pasilidad o sa direktor para sa kalusugang pangkaisipan sa inyong lugar.

# Mga Karapatan sa Panahon ng Inyong Pagkakapigil Nang Laban sa Inyong Kalooban

Ang sumusunod na impormasyon ay tumutukoy sa mga indibiduwal na nakulong nang laban sa kaloaban.

**Pagkakapigil ng 72-Oras o "5150"**
**(*72-Hour Hold or "5150"*)**
Kapag ang isang tao, na resulta ng isang sakit sa kaisipan, ay isang panganib sa iba o sa kanyang sarili o may kapansanang malubha, maaari silang hulihin laban sa kanilang kagustuhan nang hanggang 72 oras para tasahin at suriin. Kapag mayroong makatwirang dahilan para ikulong nang laban sa kanilang kalooban, ang mga may pahintulot na manghuli sa isang indibiduwal ay:

- Isang opisyal para sa pagpapanatili ng kapayapaan
- Isang propesyonal na tao na namamahala ng isang pasilidad na itinalaga ng county para sa pagtatasa at pagsusuri, o isang miyembro ng gumagamot na propesyonal
- Mga itinalagang miyembro ng isang mobile crisis team
- Isang propesyonal na tao na itinalaga ng county

Habang nakakulong, maaaring simulan ang isang panghihimasok sa krisis o paglalagay para masuri at magamot.

Kakailanganin ng pasilidad kung saan kayo nakakulong ang isang nakasulat na aplikasyon na nagsasabi ng dahilan kung bakit may makatwirang dahilan para ipalagay na kayo, na resulta ng sakit sa kaisipan, ay isang panganib sa inyong sarili o sa iba, o ay may kapansanang malubha. Kung binabatay ang legal na dahilan sa pahayag ng isang tao maliban sa isang pulis, gumagamot na propesyonal, o isang propesyonal, ang taong ito ay mananagot para sa kanyang pahayag sa isang paghahabla.

Kung kayo ay pinasok sa isang pasilidad para sa kalusugang pangkaisipan nang laban sa inyong kalooban dahil sa mga pangyayaring inilarawan sa itaas, maaari kayong panatilihin doon nang hanggang 72 oras para gamutin at suriin maliban kung maitatatag ng namamahalang tao na kailangan ninyo ng karagdagang 14 na araw ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan (Welfare and Institutions Code Sections 5150 and 5250).

## **Sertipikasyon para sa 14 Araw ng Masinsinang Naggamot o “5250” (*14-Day Certification for Intensive Treatment or “5250”*)**

Kung ang isang tao ay pananatilihin sa pasilidad nang 72 oras alinsunod sa mga probisyon sa *Section 5150* ng *Welfare and Institutions Code* (inilarawan sa pahina 8-9 sa booklet na ito) at nakatanggap ng ebalwasyon, maaaring iutos na panatilihin siya sa pasilidad ng hindi hihigit sa 14 na araw ng masinsinang paggamot na nauugnay sa sakit sa kaisipan o sa isang pagkakapinsala na sanhi ng hindi gumagaling na alkoholismo, alinsunod sa mga sumusunod na kondisyon:

- Nasuri ng mga tauhang propesyonal sa pasilidad na nagbibigay ng ebalwasyon, ang kondisyon ng tao at natuklasang siya ay isang panganib sa kanyang sarili o sa iba o may kapansanang malubha.
- Inabisuhan ang tao na kailangan siyang magpagamot nang kusang-loob, ngunit ayaw niyang magpagamot.

Kung kayo ay pinamalagi kayo nang higit sa 72 oras, may karapatan kayong manatili doon para sa kausang-loob na pagpapapaggamot. Kung ayaw ninyong manatili nang kusang-loob, magtatakda ang pasilidad kung saan kayo namamalagi ng isang pagdinig para sa pagsusuri ng sertipikasyon sa loob ng apat na oras ng pagtatapos ng 72 oras na pagpipigil sa inyo. Maaaring may kumatawan sa inyo sa pagdinig na ito ng isang tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente o ng isa pang tao na pipiliin ninyo. Maaari rin ninyong hilingin na magkaroon ng mga

miyembro ng pamilya doon upang ipaliwanag ang inyong mga pangyayari (*Welfare and Institutions Code Section 5250).* Kung gusto ninyong sumali ang isang tao sa pagdinig sa pamamagitan ng telepono, ipaalam nang maaga sa inyong tagataguyod o isang miyembro ng pasilidad at mag-aayos sila ng isang tawag.

**Nakatutulong na Impormasyon**

Kung hilingin ninyo ang isang writ of habeas corpus, isang legal na kahilingan na hinihiling sa inyong alamin ng hukuman kung maaari kayong pigilan, isusuko ninyo ang inyong karapatang magkaroon ng pagdinig para sa sertipikasyon. Kausapin ang inyong tagataguyod para sa karagdagang detalye tungkol sa proseso ng writ.

## Muling Pagpapasertipikasyon para sa Masinsinang Paggamot o "5260" (*Re-certification for Intensive Treatment or "5260"*)

Kung sa 14 na araw ng sertipakasyon, kayo ay nagtangkang o nagbantang magpakamatay at kung kayo ay nasa panganib pa rin na puwedeng magpakamatay, puwede kayong panatilihin sa pasilidad ng inyong doktor para sa karagdagang 14 na araw ng pagkakapigil, na tinatawag na muling pagpapasertipikasyon. May karapatan kayong hilingin ang isang writ of habeas corpus (tingnan sa itaas). **Mangyaring bigyang-pansin na walang gagawing pagdinig para sa pagkakapigil na ito** (*Section 5260 ng Welfare and Institutions Code*, *Welfare and Institutions Code Section 5260*).

## Karagdagang 30 Araw ng Pagkakapigil o "5270.15" (*Additional 30-Day Hold or "5270.15"*)

Sa ilang mga county, pagkatapos ninyong makumpleto ang isang 14 na araw ng paggamot, puwede pa rin kayong patigilin sa pasilidad ng karagdagang 30 araw kung pagpasiyan ng inyong doktor na kayo ay nananatiling may kapansanang malubha at ayaw ninyong magpagamot nang kusang-loob. Kusang magtatakda ng isa pang pagdinig, ukol sa sertipikasyon. May karapatan kayo sa pagdinig na magpatulong sa isang tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente. May karapatan rin kayong hilingin sa anumang oras ang isang writ of habeas corpus sa panahong ito at tulungan sa pagdinig ng isang tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente o ng isang abogado *(Section 5270.1 ng Welfare and Institutions Code, Welfare and Institutions Code Section 5270.15*).

## Lampas sa Panahon ng Sertipikasyon Dahil Mapanganib o "5300 et. al." (*Post Certification for Dangerousness or "5300 et. al."*)

Kung may sapat na dahilan na ipalagay sa katapusan ng panahon ng sertipikasyon para sa 14 na araw na kayo ay isang panganib sa ibang tao na relsulta ng isang sakit sa kaisipan, puwedeng magpetisyon sa hukuman ang namamahala ng pasilidad na iutos sa inyong manatili sa pasilidad para sa karagdagang paggamot. Hindi lalampas sa 180 araw ang paggamot na ito. May karapatan kayong katawanan ng isang abogado at sa isang paglilitis ng jurado (*Section 5300 et. al. ng Welfare and Institutions Code Welfare and Institutions Code Section 5300 et. al.*).

## Pansamatalang Napapailalim sa Pamamahala ng Isang Conservator (*Temporary Conservatorship*)

Kung sa palagay ng namamahala ng pasilidad na iyong kinatitigilan na makakatulong sa inyo ang mga serbisyo na isang conservator dahil kayo ay may kapansanang malubha, kayo ay maaaring ipailalim sa pansamantalang pamamahala ng isang conservator (T-con) nang hanggang sa 30 araw. Sa katapusan ng 30 araw, magkakaroon ng isang pagdinig upang alamin kung kayo ay patuloy pa ring may kapansanang malubha at kung kakailanganin kayong ipailalim sa pamamahala ng isang conservator nang isang taon. Matutulungan kayo ng inyong tagataguyod o ng isang abogado sa proseso ng pagdinig ukol sa pahirang ng isang conservator (*Section 5352.1 ng Welfare and Institutions Code, Welfare and Institutions Code Section 5352.1*).

# Hindi Pagsisiwalat ng Impormasyon

Kompidensiyal ang inyong record at maisisiwalat lamang ito sa inyo o sa mga taong kaugnay sa pagbibigay sa inyo ng mga serbisyong paggamot na pangmedikal o psychaitric. Maaaring hindi kasama ang isang utos ng hukuman o mga probisyon sa batas. Maaaring tingnan ng ibang partikular na mga tao ang inyong record sa anumang panahong kayo, ang inyong guardian, o ang inyong conservator ay magbibigay ng hayagang pahintulot sa pamamagitan ng pagpirma ng isang form na pinahihintulitan ang pagsisiwalat ng impormasyon.

Kailangan ring ipaalam sa inyo ang inyong karapatang abisuhan o huwag abisuhan ang mga ibang tao kung maospital kayo.

# Paggamot na Pangmedikal

Habang kayo ay nasa isang pasilidad, kayo ay may karapatan sa madaling pangangalaga at paggamot na pangmedikal.

**Mga Nakatutulong na Impormasyon**

- Ipaalam kaagad sa inyong doktor o sa isa sa mga tauhang gumagamot sa inyo kung masama ang inyong pakiramdam o kung may sumasakit sa inyong katawan.
- Kausapin ang inyong doktor o ang isa sa mga tauhang gumagamot sa inyo o magpatulong sa inyong tagataguyod kung mayroon kayong tanong.

# Karapatang Tanggihan ang Paggamot

## Mga Pasyenteng Kusang-Loob na Pumapayag sa Paggamot

Puwede ninyong tanggihan ang anumang klaseng paggamot na pangmedikal o para sa kalusugang pangkaisipan, pati na ang mga gamot, maliban kung ang sitwasyon ay isang emergency (tingnan ang seksiyong “Mga Kahulugan” nitong handbook para sa *paggamot sa isang emergency*).

## Mga Pasyenteng Laban sa Kanilang Kalooban ang Paggamot

May karapatan kayong tanggihan ang paggamot pangmedical o ang mga gamot (maliban sa isang emergency) maliban kung may ginawang pagdinig at naghatol ang isang opisyal ng pagdinig o ang isang hukom na kayo ay walang kakayahang magpahintulot o tumanggi sa paggamot. Matutulungan kayo ng tagataguyod o ng public defender [manananggol na pampubliko] sa bagay na ito.

## Mga Pasyenteng Napapailalim sa Pamamahala ng Isang Conservator

Kung kayo ay napapailalim sa pamamahala ng isang conservator, at binigyan ng hukom ang inyong conservator ng kapangyarihang magdesisyon tungkol sa mga paggamot para sa inyong kalusugang pangkaisipan, wala na kayong karapatang magpahintulot o tumanggi sa paggamot. Dapat ninyong kausapin ang inyong tagataguyod o abogado para sa karagdagang impormasyon. Sa ilang mga kaso, puwedeng payagan ng hukom ang isang pasyenteng napapailalim sa pamamahala ng isang conservator, na panatilihin ang kanyang karapatang magpahintulot o tumanggi sa paggamot na pangmedikal.

## Lahat ng Pasyente

May karapatan kayong tumangging sumali sa anumang proyektong pananaliksik o eksperimentong pangmekikal. May karapatan rin kayong tanggihan ang electroconvulsive treatment (ECT) o anumang klaseng convulsive therapy. Gayon pa man, kung nalaman ng isang hukuman na wala kayong kakayahang magdesisyon tungko dito, maaaring bigyan kayo ng ECTG na *walang* pahintulot ninyo. Matutulungan kayo ng isang tagataguyod o ng isang public defender [manananggol na pampubliko] sa proseso ng pagdinig (*Section 5326.7 ng Welfare and Institutions Code, Welfare and Institutions Code Section 5326.7*).

# Mga Gamot at ang Proseso ng Pinabatirang Kapahintulutan

## Mga Pasyenteng Kusang-Loob na Pumapayag sa Paggamot

Kung kayo ay isang pasyenteng kusang-loob na pumapayag sa paggamot at kayo ay nasa hustong gulang, kayo ay may karapatang pumayag o tumanggi na gumamit ng mga gamot na antipsychotic (maliban sa isang emergency). Puwede lamang kayong bigyan ng mga gamot na antipsychotic pagkatapos makumpleto ng ospital ang proseso ng *pinabatirang kapahintulutan*, na binigyang-kahulugan sa susunod na pahina.

## Mga Pasyenteng Laban sa Kanilang Kalooban ang Paggamot

Kung kayo ay pinasok sa pasilidad nang laban sainyong kalooban, may karapatan kayong tanggihan ang paggamot na ginagamit ang mga gamot na antipsychotic *maliban kung ang sitwasyon ay isang emergency o kung naghatol ang isang opisyal ng pagdinig o ang isang hukom na kayo ay walang* kakayahang magdisisyon tungkol dito.

**Nakatutulong na Impormasyon**

Ipaalam sa inyong doktor kung ang inyong gamot ay humahadlang sa inyong kakayahang makasali sa mga gawaing pang-araw-araw o kung ito ay may hindi kanais-nais na mga iba pang epekto.

## Ang Proseso ng Pinabatirang Kapahintulutan

Bago kayo magpahintulot na gamitan ng anumang gamot na antipsychotic, kailangan munang ipaliwanag sa inyo ng inyong doktor ang mga sumsunod:

1. Ang mga dahilan para sa inyong paggamit nitong gamot at ang mga maaasahan ninyong kabutihan
2. Ang inyong karapatang bawiin ang inyong pahintulot sa anumang oras
3. Ang klase at ang dami ng gamot at kung gaano kadalas kailangang gamitin ito
4. Ang karaniwang mga iba pang epekto sa paggamit ng gamot, ang mga epektong pinakamalamang na mararanasan ninyo, at gaano katagal ang inaasahan ng doktor na kakailanganin ninyong gamitin ang gamot
5. Mga mga makukuhang ibang pagpipiliang paggamot (kung mayroon man)
6. Ang posibleng maging pangmatagalang mga iba pang epekto ng paggamit ng gamot.

**Nakatutulong na Impormasyon**
Kausapin ang inyong tagataguyod kung hilingin sa inyong pumayag na gamitin ang mga gamot na hindi kayo binibigyan ng lubos na pagpapaliwanag.

# Pagdinig Ukol sa Kakayahang Tanggihan ang Gamot

Maaaring gawin ang isang pagdinig ukol sa kakayahan, na tinatawag ring Riese hearing, upang alamin maaari kayong tumanggi sa paggamot na gumagamit ng mga gamot. Ang pagdinig ukol sa kakayahan ay isinasagawa ng isang opisyal ng pagdinig sa pasilidad na kung saan kayo ginagamot o ng isang hukom sa hukuman. Hahatulan ng opisyal ng pagdinig kung may kakayahan kayong magpahintulot o tumanggi sa gamot bilang isang paraan ng paggamot.

May karapatan kayong katawanan ng isang tagataguyod o ng isang abogado sa pagdinig ukol sa kakayahan. Kayo ay tutulungan ng inyong kinatawan na maghanda para sa pagdinig at kanyang sasagutin ang inyong mga katanungan o tatalakayin ang anumang mga maaaring pinag-aalalahanan ninyo tungkol sa proseso ng pagdinig.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon sa pagdinig ukol sa kakayahan, puwede ninyong iapela ang desisyon sa korte superyor o sa korte ng apelasyon. Matutulungan kayo ng inyong tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyenbte o ng abogado sa pag-file ng apleasyon.

**Nakatutulong na Impormasyon**
Kausapin ang inyong tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente o ang public defender [manananggol na pampubliko] kung may mga katanungan kayo tungkol sa inyong karapatang pahintulutan o tanggihan ang mga gamot o tungkol sa proseso ng pagdinig ukol sa kakayahan.

# Mga Karapatan na Hindi Puwedeng Ipagkait

Ang mga taong may-sakit sa kaisipan ay may mga parehong legal na karapatan at responsibilidad na ginagarantiya sa lahat ng tao ng konstitusyon at ng mga batas at mga tuntunin ng pamahalaang pederal o estado (*Section 5325.1 ng Welfare and Institutions Code, Welfare and Institutions Code Section 5325.1*).

## Ang Karapatan sa Makataong Pag-alaga

Kayo ay may karapatan na igalang, sa privacy, at sa makataong pag-alaga. May karapata rin kayo sa mga serbisyo ng paggamot na tinatangkilik ang inyong kakayahang mamuhay na hindi umaasa sa iba. Kailangang gawin ang paggamot sa mga paraang walang masyadong mga limitasyon sa inyo.

### Mga Nakatutulong na Impormasyon

- Kung sa palagay ninyo ay masyadong maraming limitasyon sa inyong paggamot, kausapin ang inyong doktor at alamin kung paano mababago ang inyong paggamot,
- kausapin ang isang tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente o mag-file ng reklamo.

## Ang Karapatan na Maging Ligtas sa Masamang Pagtrato o sa Pagpapabaya

Kayo ay may karapatan sa pakikipagkapwa at sumali sa mga gawaing pakikipagkapwa sa komunidad o sa pasilidad, kung nakaospital kayo. May karapatan kayong mag-exercise ng inyong katawan at maglibang. Kayo ay may karapatan na maging ligtas sa masamang pagtrato, pagpapabaya o pananakit, pati na ang hindi kinakailangang o sobra-sobrang pagkakagapos ng katawan, pagkapahiwalay sa ibang tao, o ang hindi kinakailangang o sobra-sobrang gamot. Ang gamot ay hindi gagamitin bilang parusa, para sa kaginhawahan ng mga tauhan sa pasilidad, bilang kapalit ng paggamot, o gagamitin sa dami na nakakahadlang sa programa ng paggamot. May karapatan rin kayong maging ligtas mula sa mga mapanganib na sitwasyon o mga kondisyon.

**Nakatutulong na Impormasyon**
Kung sa palagay ninyo ay masama ang pagtrato sa inyo o pinababayaan kayo ng pasilidad o sa palagay ninyo ay masyadong maraming limitasyon na higit pa sa kinakailangan ang inyong paggamot, kausapin ang inyong tagataguyod o sabihin ito sa isang tauhan sa pasilidad.

## Ang Karapatan sa Pakikipagkapwa at Paglilibang

Kayo ay may karapatan sa pakikipagkapwa at sumali sa mga gawaing pakikipagkapwa sa komunidad o sa pasilidad, kung nakaospital kayo.

May karapatan kayong mag-exercise ng inyong katawan at maglibang.

## Ang Karapatan sa Edukasyon

Kayo ay may karapatan na sumali sa naaangkop na mga programa ng edukasyon na tinutustusan ng pamahalaan.

## Ang Karapatan na Manampalataya sa Piniling Relihiyon

Kayo ay may karapatan na manampalataya sa inyong piniling relihiyon.

**Nakatutulong na Impormasyon**

Ang inyong karapatang manampalataya sa inyong piniling relihiyon ay hindi puwedeng ipagkait sa inyo ng sinuman. Hindi kayo maaaring pilitin sa anumang paraan na sumali sa mga pananampalataya at hindi kayo pipiliting makipagkita sa isang kinatawan ng anumang relihiyon. Kapag ipinasok sa isang pasilidad, kailangan ninyong ipaalam kaagad sa mga tauhan ng pasilidad kung mayroon kayong anumang mga espesyal na kagustuhan sa relihiyon.

## Ang Karapatan na Maging Ligtas sa Diskriminasyon

Kayo ay may karapatang makatanggap ng mga serbisyon para sa kalusugang pangkaisipan na walang diskriminasyon batay sa inyong lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, pinagnunuang angkan, gulang, estado sibil, kapansanan sa katawan o sa kaisipan, sakit o piniling kasarian.

**Nakatutulong na Impormasyon**
Kausapin ang isa sa mga tauhan ng pasilidad o ang inyong tagataguyod kung kayo ay may mga pinag-aalalahanan tungkol sa diskriminasyon.

# Mga Karapatan na Maaaring Ipagkait Batay sa Mabuting Dahilan

Maliban kung may mabuting dahilan ang mga tauhan at doktor ng pasilidad na gawin ito, hindi puwedeng ipagkait sa inyo ang alinman sa mga sumusunod na karapatan:

## Mga Pananamit

Kayo ay may karapatang suotin ang inyong sariling mga pananamit (maliban kung pinagbabawal ng batas sa mga ilang ospital ng estado).

## Pera

Kayo ay may karapatang magkaroon at gumasta ng makatwirang halaga para pambayad sa canteen at para sa mga maliit na bagay.

## Mga Bisita

Kayo ay may karapatang bisitahin bawat araw, alinsunod sa patakaran ng pasilidad sa pagbisita.

**Nakatutulong na Impormasyon**

Mangyaring magtanong sa pasilidad na kinaroroonan ninyo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga oras ng pagbisita at mga pamamalakad.

## Paglalagyan ng mga Pansariling Ari-arian

Kayo ay may karapatang magkaroon ng paglalagyan ng inyong mga pansariling ari-arian.

## Mga Pansariling Ari-arian

Kayo ay may karapatang magtaglay at gamitin ang inyong mga pansariling ari-arian, pati na ang inyong mga kagamitan sa pag-aayos ng katawan.

## Telepono

Kayo ay may karapatan sa makatwirang paggamit ng telepono para sa pagtawag o makatanggap ng tawag na kompidensiyal o magpatawag.

**Nakatutulong na Impormasyon**
Kung maririnig ng ibang tao ang inyong pakikipag- usap sa telepono, magtanong sa isang tauhan ng pasilidad kung saan kayo puwedeng makagamit ng telepono na hindi maririnig ng ibang tao ang inyomg pakikipag-usap.

## Mga Sulat

Kayo ay may karapatang makatanggap ng mga sulat at mga iba pang papeles na hindi binuksan bago ibigay sa inyo.

## Mga Gamit Panulat

Kayo ay may karapatang magkaroon ng mga gamit panulat, pati mga selyo.

# Mabuting Dahilan

Ang *mabuting dahilan* para pagkaitan ng alinmang mga karapatn ay nangangahulugang ang namamahalang propesyonal ay may mabuting dahilan na ipalagay na ang pagpapahintulot para sa isang partikular na karapatan ay pagmumulan ng:

1. Pinsala sa taong iyon o sa iba; o
2. Isang malubhang paglabag sa mga karapatan ng iba; o
3. Malubhang pinsala sa pasilidad;

   **at** walang paraan na hindi mas mahigpit para maiwasang mangyari ang mga iyon.

Hindi puwedeng ipagkait ang inyong mga karapatan bilang kondisyon ng pagpapapasok sa pasilidad, isang pribilehiyong tinatamo, parusa, isang kaginhawahan para sa mga tauhan ng pasilidad, o bilang isang bahagi ng programa ng paggamot. Ang pagkait ng isang karapatan ay magagawa lamang ng taong pinahihintulutan ng batas o ng regulasyon na gawin ito, at kailangang itala sa inyong record ng paggamota ng pagkakait na ito. Kailangang ipaalam sa inyo ng isang tauhan ng pasilidad kung ipagkakait ang isa sa inyong mga karapatan. Kailangang pirming at patuloy na nirerepaso ang anumang pagkakait ng karapatan. Kailangang ibalik sa inyo ang inyong mga karapata sa oras na mawala ang mabuting dahilan.

**Nakatutulong na Impormasyon**

Kung sa inyong palagay ay ipinagkait sa inyo ang inyong karapatan nang walang katwiran o kung nais ninyong ibalik ang isang karapatan, puwede ninyong kausapin ang inyong tagataguyod o ang isang tauhan ng pasilidad o puwede kayong mag-file ng reklamo.

# Mga Kahulugan

**Tagataguyod:** Ang taong inuutusan ng batas ng estado na tiyaking napangangalagaan ng mga pasyente sa kalusugang pangkaisipan ang kanilang mga karapatang naaalinsunod sa batas at sa konstitusyon.

**Gamot na Antipsychotic:** Anumang mga gamot na kaugaliang inirereseta para sa paggamot ng mga sakit sa kaisipan, mga sakit na pangdamdamin, o ang dalawang ito.

**Kakayahan:** Ang pagpapasiya kung ang isang tao ay:

- Nalalaman ang kanyang situwasyon;
- Naiintindihan ang mga panganib, kabutihan, at mga mapagpipilian sa balak na paggamot; at
- Naiintindihan at natatantiya ang impormasyon sa sadya at nalalamang paraan kapag tungkol sa pagbibigay ng pahintulot, at ginagamit ang makatwirang proseso ng pag-iisip upang makasali sa mga pagdesisyon tungkol sa paggamot.

**Conservator.** Ang taong hinirang ng hukuman na pamahalaan ang pasyente, ang kanyang mga pag-aari, o ang dalawang ito kapag ang pasyente ay tinuturing na may kapansanang malubha na resulta ng sakit sa kaisipan o ng pagkakapinsala sa kaisipan dahil sa hindi gumagaling na alkoholismo. Ang conservator ay puwedeng isang kinatawan ng isang ahensiyang pampubliko o isang pangkaraniwang tao. Puwedeng magdesisyon ang conservator tungkol sa paggamot, kung saan mananatili ang pasyente at tungkol sa mga pananalapi ng pasyente.

**Paggamot sa Panahon ng Emergency.** Aksyon upang ipatupad ang paggamot, kahit tumututol ang isang tao, na agad ng kinakailangan para mapanatili ang buhay o maiwasan ang malubhang pinsala sa katawan sa pasyente o sa iba, at hindi praktikal upang unang makakuha ng pahintulot mula sa pasyente.

**May Kapansanang Malubha.** Isang taong walang kakayahan, dahil sa sakit sa kaisipan,na pagkalooban ang kanyang sarili ng pagkain, pananamit, o matitirahan. Hindi tinuturing na may kapansanang malubha ang isang tao kung may ibang tao ang handang magkaloob at makakapagkaloob nitong pangunahing mga pangangailangan.

**Opisyal ng Pagdinig.** Isang hukom ng korte superyor, isang komisyonado o tagapamagitan na hinirang ng hukuman, o isang opisyal ng pagdinig na naghahatol sa mga pagdinig para sa pagrerepaso ng pagpapatunay ukol sa kalusugang pangkaisipan at ng mga pagdinig ukol sa kakayahan.

**Nagbabanta.** Malapit nang o handang mangyari.

**Pinabatirang Kapahintulutan.** Isang prosesong pinababatiran ang pasyente tungkol sa anumang mga gamot na antipsychotic na inireseta para sa kanya at natang gap ang pahintulot ng pasyente. Nakasulat sa form ng kapahintulutan na ipinagbigay-alam sa pasyente ang tungkol sa iniresetang (mga) gamot, pati na ang clase ng gamot, ang dami, ang mga kabutihan o mga iba pang epekto ng gamot, at mga makukuhang iba pang paggamot. Inaatasan ang pasilidad para sa kalusugang pangkaisipan na isama sa record ng pasyente ang pinirmahang form ng kapahintulutan.

**Petisyon para sa Writ of Habeas Corpus.** Isang legal na kahilingan na palabasin sa pasilidad o sa isang institusyon na puwedeng i-file mismo ng pasyente o sa tulong ng isang abogado, isang tagataguyod, o ng isang tauhan sa pasilidad. Kung sang-ayunan ang petisyon, ang writ ay nagbibigay-karapatan sa pasyente para sa isang pagdinig sa korte superyor.

**Legal na Dahilan.** Ang ebidensiya na nagbibigay-dahilan para sa pagkaloob ng isang sertipikasyon para sa 14 na araw. Kailangang patunayan ng pasilidad para sa kalusugang pangkaisipan ang mga espisipikadong katibayan na magbibigay ng makatwirang dahilan sa isang tao na maniwalang ang taong tinutukoy ay isang panganib sa kanyang sarili, o sa iba o may kapansanang malubha.

# Mga Pansin

# Mga Pansin

# Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Tagataguyod ng County para sa mga Karapatan ng Pasyente

## Kung hindi ninyo makontak ang inyong tagataguyod para sa mga karapatan ng mga pasyente, kontakin ang:

**California Office of Patients' Rights**
**1831 K Street**
**Sacramento, California 95811-4114**
**Telepono: (916) 504-5810**
http://www.disabilityrightsca.org/

O kaya ang

Department of Health Care Services
Mental Health Services Division Ombudsman
Telepono: (800) 896-4042
Email: mhombudsman@dhcs.ca.gov

JFS Patient Advocacy Program
8804 Balboa Avenue
San Diego, CA 92123
(619) 282-1134
TOLL-FREE 1-800-479-2233

Revised May 2014 Cover art: "Sunset on Lake," Iesha, age 14

## County Patients' Rights Advocate Contact Information

### Jewish Family Service Patient Advocacy Program

8804 Balboa Avenue, San Diego, CA 92123
(619) 282-1134 | (800) 479-2233

### If you are unable to reach your patients' rights advocate, contact:

California Office of Patients' Rights
1831 K Street
Sacramento, California 95811-4114
Telephone: (916) 504-5810
http://www.disabilityrightsca.org/

Or

Department of Health Care Services
Office of the Ombudsman
Telephone: (888) 452-8609
Email:
MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov

Revised July 2018 Cover art: "Sunset on Lake," Iesha, age 14